Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

Synod 2021 2024 For a synodal Church communion | participation | mission

20 Oktubre 2024 Ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon Taon B

LINGGO NG MISYONG PANDAIGDIG

# HINIRANG NA MAGLINGKOD NANG MAY BUONG PAGMAMAHAL

*Ginugunita natin ngayon ang Linggo ng Misyong Pandaigdig – isang araw ng pagdarasal at lubos na pakikiisa sa matatapang nating kapatid na nangangaral ng Ebanghelyo at nagpapatotoo sa pag-ibig ni Kristo sa ibang bansa. Ginagawa nila ito bilang tugon sa natatanging panawagan ng Panginoon. Sa kanilang apostolikong gawain, sila'y naging "mga lingkod ng lahat," lalo na ng mga dukha, maysakit, o napapabayaan. Kaya nga ang kanilang misyon ay di lamang mangaral ng Ebanghelyo, kundi buhayin ito sa mga ospital, paaralan, at ibang mga paraan ng pagtulong para sa pag-unlad. Para sa ikapagtatagumpay ng kanilang misyon, nananalig sila di lamang sa biyaya ng Diyos, kundi sa atin ding mga dasal at pagbibigay.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang daing ko, Poong mahal, lagi mong pinakikinggan, hiling ko'y pinagbibigyan. Kami'y lagi mong titigan nang magkamit-kaligtasan.**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Sumainyo ang Panginoon!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Sinugong tagapaggaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Dumating na tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisis, Kristo kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P*** – Ama naming makapangyarihan, gawin mong lagi naming matapat na sundin ang loob mo upang kami'y wagas na makapaglingkod sa iyo sa pamamagitan ni

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Isa 53:10-11*
*Ang pagwawakas ng ika-apat na "Awit ng Lingkod" ay nagbibigay-diin sa ganap na kalayaan ng kanyang paghahandog sa sarili at sa dalawang bunga ng kanyang sakripisyong kamatayan. Lahat ng ito ay bahagi ng plano ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan.*


*L* –Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Sinabi ng Panginoon, "Ang kanyang paghihirap ay kalooban ko; inihandog niya ang sarili upang sa pamamagitan noon ay magkaroon ng kapatawaran. Dahil dito'y mabubuhay siya nang matagal, makikita ang lahing susunod sa kanya. At sa pamamagitan niya'y maisasagawa ang aking panukala. Pagkatapos ng pagdurusa, lalasap siya ng ligaya, malalaman niyang hindi nawalan ng kabuluhan ang kanyang pagtitiis. Ang aking tapat na lingkod at lubos kong kinalulugdan ang siyang tatanggap sa parusa ng marami, at alang-alang sa kanya sila'y aking patatawarin."**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 32*
*B* –***Poon, pag-asa ka namin, pag-ibig mo'y aming hiling!***

*R. M. Velez*




* **Panginoo'y tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa. Minamahal niya ang gawang matapat, ang pag-ibig niya sa mundo'y laganap.** ***B.***

* **Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila'y binubuhay.** ***B.***

* **Ang ating pag-asa'y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Ipagkaloob mo na aming makamit, O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa'y sa 'yo nasasalig!** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Heb 4: 14-16*
*Si Hesukristo ang tanging punong saserdoteng "pumasok sa kalangitan" at lubos na nakauunawa sa atin sapagkat katulad natin siya sa lahat ng bagay, maliban sa pagkakasala.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid: Magpakatatag tayo sa ating pananampalataya, yamang mayroon tayong dakilang saserdote na pumasok sa kalangitan sa harapan ng Diyos, walang iba kundi si Hesus na Anak ng Diyos. Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa sa ating mga kahinaan sapagkat sa lahat ng paraa'y tinukso siyang tulad natin, ngunit hindi nagkasala. Kaya't huwag na tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos at doo'y kakamtan natin ang habag at kalinga sa panahong kailangan natin ito.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Mc 10:45*
*B* –**Aleluya! Aleluya!**
**Anak ng Tao'y dumating upang sarili'y ihain, Lingkod, Manunubos natin.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mc 10:35-45*
*Tulad ng karamihan sa mga Judio ng kanilang panahon, ang mga tanging disipulo man ni Hesus ay umaasa sa isang mapanakop na Mesiyas na muling magtatatag ng kaharian ni David. Nagbunga ito ng di nila pagkaunawa sa misyon ni Hesus at ng di-magandang pangyayaring iniuulat sa sipi ng Ebanghelyo ngayon.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, lumapit kay Hesus sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo, at ang sabi, "Guro, may hihilingin po sana kami sa inyo." "Ano iyon?" tanong ni Hesus. Sumagot sila, "Sana'y makaupo kami katabi ninyo sa inyong kaharian – isa sa kanan at isa sa kaliwa." "Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi," sabi ni Hesus sa kanila. "Mababata ba ninyo ang hirap na babatahin ko? Pabibinyag ba kayo sa binyag na daranasin ko?"**

**"Opo," tugon nila. Sinabi ni Hesus, "Ang hirap na babatahin ko'y babatahin nga ninyo, at kayo'y bibinyagan sa binyag na daranasin ko. Ngunit wala sa akin ang pagpa-pasiya kung sino ang mauupo sa aking kanan at sa aking kaliwa. Ang mga luklukang sinasabi ninyo'y para sa mga pinaghandaan."**

**Nang marinig ito ng sampung alagad, nagalit sila sa magkapatid. Kaya't pinalapit sila ni Hesus at sinabi, "Alam ninyo na ang mga itinuturing na pinuno ng mga Hentil ay siyang pinapanginoon, at ang mga dinadakila ay siyang nasusunod. Ngunit hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na ibig maging dakila ay dapat maging lingkod. At sinumang ibig maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat.**

**Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng lahat."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
*B* –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B*– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos,

Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** **–**Sa araw na ito, Linggo ng Misyong Pandaigdig, alalahanin natin ang lahat ng ating kapatid sa larangan ng misyon, at ipahayag natin ang ating pakikiisa sa kanila sa pamamagitan ng ating mga mataimtim na kahilingan:

***B*** **– Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa Simbahang Katolika at mga namumuno rito: Nawa'y hindi nila kaligtaan ang kanilang bokasyon na mangaral ng Ebanghelyo sa lahat ng bansa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng relihiyoso at laikong hinirang ng Diyos upang maging misyonero: Nawa'y tugunan nila ang kanilang bokasyon nang may buong katapatan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng misyonero: Nawa'y gantimpalaan ng Panginoon ang kanilang dedikasyon sa paghahatid ng liwanag ng Mabuting Balita sa lahat sa pamamagitan ng masugid na pangangaral at pagpupunyagi sa mabuting gawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga pinuno ng ating pamahalaan: Nawa'y mapagtanto nila na kasama ng kapangyarihan ang responsibilidad na maglingkod sa bayan nang buong katapatan at walang paghahanap sa sariling kapakanan lamang. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating parokya: Nawa tayo'y maging isang tunay na mapag-arugang sambayanan na handang magbigay-saksi sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ating pananampalataya at pagtulong sa ating kapwa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Nawa'y hindi tayo maghangad ng katungkulan upang magtamo ng karangalan, kundi upang higit na makapaglingkod sa ating mga kapatid nang buong kababaang-loob at kabukasang-palad. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** **–**Panginoong Diyos, nawa palakasin ng Iyong biyaya ang aming mga misyonero, aliwin sila sa kanilang pagdadalamhati, at magbunga nawa ng kaligtasan ang kanilang mga pagsisikap para sa lahat. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.
***B*** **–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo . . .
***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–**Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong ikaw ay aming kusang mapaglingkuran sa paghahain namin ng mga alay na iyong bigay upang kami'y dalisayin ng iyong pagmamahal sa paglilingkod namin ngayong ginaganap ang banal na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen!**

### Prepasyo I

***P*** **–** Sumainyo ang Panginoon!
***B*** **–At sumaiyo rin!**
***P*** **–** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** **–Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** **–** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P*** **–** Hinihiling namin . . .
***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng

sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

*B* – **Panginoon, hindi ako kara-pat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang sa D'yos nagtitiwala ay kan-yang kinakalinga sa pag-ibig n'yang dakila nang h'wag magutom na lubha at upang hindi manghina.**

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* –Ama naming mapagmahal, gawin mong sa aming banal na pakikinabang kami ngayon ay iyong matulungan at mahubog para mamuhay sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo mag-pasawalang hanggan.

*B* –**Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* –Sumainyo ang Panginoon.

*B* –**At sumaiyo rin!**

*P* –Magsiyuko kayo at ipanala-ngin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Ipaalaala nawa sa inyo ng makapangyarihang Diyos ang kahalagahan ng panan-ampalatayang Katoliko at ng tungkulin ninyong tulungan ang mga misyonero nito.

*B* –**Amen!**

*P* –Tulungan nawa tayo ng Pan-ginoon sa pagtugon natin sa mga pangangailangan ng mga misyonero.

*B* –**Amen!**

*P* –Makabahagi nawa kayo sa mga pangako ng pagpapala para sa mga tumatalikod sa lahat alang-alang sa Kaharian.


*B* –**Amen!**

*P* –At pagpalain nawa kayo ng Makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* –**Amen!**

*P* –Humayo kayo sa kapayapaan at maging tagapaghatid ng Ebanghelyo sa inyong araw-araw na buhay.

*B* –**Salamat sa Diyos!**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# Mga Misyon – Ang Patuloy na Hamon

Bago nagtungo sa *India* ang dating Santo Papa Juan Pablo II upang ipahayag ang *"Ecclesia in Asia,"* na nagbibigay-buod sa *Synod for Asia,* may ilang mga radikal na kapisanang Hindu ang humiling na ipatigil niya ang kampanya ng mga misyonerong Katoliko. Sumagot ang Papa at nanindigang ***tungkulin ng Simbahan ang magpahayag ng Ebanghelyo sa lahat ng bansa, at tungkulin ng bawat taong dinggin ang Mabuting Balita.***

Tunay na malinaw at mariin ang mensahe. Ang Simbahan ay nakatuon sa tungkuling mangaral, gaya ng ipinagdiriinan ni Pablo VI sa kanyang ensiklikal *Evangelii Nuntiandi,* na nag-uulit sa turo ng *"Ad Gentes,"* ang kahatulan ng *Vatican II* sa gawaing misyonero ng Simbahan. Ang pangangaral ng Ebanghelyo sa lahat ng bansa ay siyang diwa ng kautusan ni Kristong Muling Nabuhay sa kanyang mga alagad bago siya umakyat sa langit: ***"Humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila . . . at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo"*** *(Mt 28:19-20).*

Dahil sa kautusang ito kung kaya ang mga simpleng taga-Galilea ay naging masisiglang tagapangaral at matatapang na tagapagtatag ng mga pamayanan ng mga mananampalataya sa Asya at Europa. ***Dahil dito, ibinuhos nila ang lahat ng makakaya nila at handang ihandog ang buhay man nila para sa tila imposibleng pagbabalik-loob ng daigdig.*** Ito ang ikinabulalas ni Pablo ng Tarsus, ang masigasig na misyonero, "Sa aba ko kung hindi ko ipangaral ang Mabuting Balita" *(1 Cor 9:16).*

Ang maliit at takot na pangkat ng mga taga-sunod ni Kristo ay maaaring nanatiling nananaghoy sa pagkamatay sa krus ng kanilang Guro. Maaari rin sanang tuluyan na silang naglaho sa pagkamatay ng ilan sa kanilang mga kasamahan . . . . Ngunit hindi nagkagayon. Sa halip, bilang tugon sa utos ng kanilang Panginoon, ang mga alagad ay humayo sa iba't ibang direksiyon at pinagsikapan nilang magawa ang imposible: ang pangangaral sa buong mundo noon.

At tunay ngang salamat sa pagtalima sa tagubilin ni Kristo, lumaganap ang Kristiyanismo at nag-ugat sa iba't ibang bahagi ng Imperyong Romano, hanggang sa *India,* ayon sa matandang tradisyong si Santo Tomas ang nangaral sa rehiyon dito na tinatawag na Kerala. Salamat sa patuloy na gawaing misyonero ng Simbahan, ang Europa ay naagaw sa paganismo at ang Pilipinas ay naging isang bansang Kristiyano.

Ang pananalig sa pagiging isang pamayanang misyonero ay tuwinang mahalagang bahagi ng kamalayang pansarili ng Simbahan. At bagamat ang gawaing aktuwal na pagpapahayag ng Ebanghelyo sa mga taga-ibang relihiyon ay tuwinang inaako ng maliit na pangkat ng mga misyonero, na siyang mga kinatawan ng buong Simbahan, ang pamayanan ng mga mana-nampalataya ay tumutulong naman sa kanilang itinuturing na mga opisyal na sugo.

Isa pang mahalagang katangian ng gawaing misyonero ng Simbahan ay: ***ang pangangaral kailanma'y hindi naging pagpapahayag lamang na pasalita ng mga turo ni Kristo, at kanyang kamataya't muling pagkabuhay. Lagi itong nakatuon sa pagpukaw sa pagtugong pampananampalataya at pagtatatag ng mga lokal na pamayanan ng mga mananampalatayang espirituwal na kabuklod ng iba pang pamayanang kaisa sa pananampalataya. Nangangahulugan ito ng pagtatatag ng mga pamayanan kung saan ang Ebanghelyo ni Kristo ay siyang tuntunin sa buhay*** na nakapangyari sa sistema ng mga pagpapahalaga at pag-uugali ng kanilang mga kasapi at siya nilang ikinaiba sa kanilang dating gawi at sa mga di pa tumatanggap sa Ebanghelyo.

Ang pagsasabuhay ng sariling pananampalataya at pagpapatotoo rito ay tuwinang katangian ng Kristiyanismo, at maaaring gayundin ng lahat ng ibang relihiyon. Totoong kailangan natin sa ating panahon ang mga magpapatotoo sa pananampalataya, gaya ng pahayag ni Pablo VI sa ensiklikal niyang *Evangelii Nuntiandi,* kung saan sinasabi niyang ***"ang mga tao sa panahon natin ay higit na naaakit ng mga nagpapatotoo kaysa mga guro, at kung makinig sila rito, ito'y sapagkat sila'y nagpapatotoo"*** *(EN, 41).*